Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7'4
12-14-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG DISYEMBRE 5, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

**KAPASIYAHAN BLG. 292-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 3 NG BARANGAY SAN JUAN NA NAGKAKAHALAGA NG LABING WALONG LIBO ANIMNARAAN DALAWAMPU'T DALAWANG PISO AT DALAWAMPU'T ANIM NA SENTIMOS (P18,622.26) MULA SA ADDITIONAL INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (SETYEMBRE - DISYEMBRE 2011) NA MAY KABUUANG HALAGANG P31,560.00 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (P6,312.00); 10% SK FUND (P3,156.00); 5% CALAMITY FUND (P1,578.00); OFFICE SUPPLIES (P3,617.52); FIDELITY BOND (P1,958.74) AT KALOOB TULONG PARA SA LUPONG TAGAPAMAYAPA (P2,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Sangguniang Barangay ng San Juan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 73-T2011 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 05-T2011 na nagpapatibay ng halagang P18,622.26 mula sa Additional Internal Revenue Allotment (Setyembre – Disyembre 2011) na may kabuuang halagang P31,560.00 upang ilaan sa mga programang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Rizaldy N. Kalaw at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Barangay San Juan na nagkakahalaga ng P18,622.26 mula sa Additional Internal Revenue Allotment (Setyembre - Disyembre 2011) na may kabuuang halagang P31,560.00 upang ilaan sa 20% development Fund (P6,312.00); 10% SK Fund (P3,156.00); 5% calamity fund (P1,578.00); Office Supplies (P3,617.52); Fidelity Bond (P1,958.74) at Kaloob tulong sa Lupong Tagapamayapa (P2,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 5, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan